

Paano Ka Mapapanatiling Ligtas ng Mga Tamang Hi-Vi

Dapat palaging gumamit ng PPE bilang 'last line of defense (panghuling proteksyon)' kapag walang ibang kontrol o kung praktikal itong gawin. Gayunpaman, ang tamang PPE ay mahalagang gamit sa iyong toolbox para sa kaligtasan.

Karaniwan ang makakita ng maraming manggagawa na may suot na mga Hi-Vi na damit kapag nagtatrabaho sa loob at sa paligid ng yard, shop o wash bay. Madalas din, kapag kailangan minsan ng mga nangangasiwang tauhan na magparoo't parito sa mga lugar na ito, isinusuot din nila ang kanilang mga Hi-Vi vest. Maganda ito, ngunit kung ganitong karaniwan ang kasuotan na PPE, maraming tao ang maaaring ginagamit ito bilang panghuling bagay na gagamitin at hindi alam ang mga tamang paggamit ng mga Hi-Vi sa iba't ibang mga sitwasyon.

Kung ikaw ay isang kumpanya na alinman sa pinangangasiwaan ng pederal o lalawigan, ayon sa batas ang employer na iyon ay dapat magbigay ng High Visibility Safety Apparel na tumutugon sa CSA-Z96 na pamantayan. Isinasaad ng pamantayan na ito ang tatlong klase ng mga Hi-Vi na naaangkop sa iba't ibang may ilaw na sitwasyon, at para sa iba't ibang mga panganib ng pagkaka-expose sa trapiko ng sasakyan.

Ang Class 1 ay ang pinakamababang takip sa katawan na may magandang visibility. Naaangkop ito kapag na-eexpose ang mga manggagawa sa mga aktibidad na mababa ang panganib, karaniwan ay kapag umaandar ang mga sasakyan ng mas mabagal sa 40 kilometro kada oras, na naiilawan nang mabuti at walang mga sagabal. Para sa manggagawa sa isang shop, tumatawid ng yard, nagtatrabaho sa pagpapadala (shipping)/pagtanggap (receiving) na operation, o warehouse operation, ang Class 1 na mga Hi-Vi ang magiging naaangkop na antas. Kung nakakita ka ng jumpsuit ng mekaniko na may "mga suspender" bilang materyal ng mga Hi-Vi at cross-hatch "X" ng mga Hi-Vi sa likod, ito ay Class 1.

Ang Class 2 na mga Hi-Vi ay nagbibigay ng mas maraming takip sa katawan ng high-visibility na materyal kaysa sa Class 1, at nagbibigay ito ng napakahusay na visibility. Kailangan ito kapag umaandar ang mga sasakyan o gamit sa pagitan ng 40-80 km/h, sa mga kondisyon na hindi masyadong naiilawan (bukang-liwayway o takipsilim, mahamog o nag-i-snow) habang umaandar ang mga sasakyan ng mas mabagal sa 40 km/h, o kapag gumagawa ang mga manggagawa ng mga gawain na naglilipat ng kanilang atensyon mula sa trapiko ng paparating na sasakyan. Kung nakakita ka ng 'standard' na orange na mga Hi-Vi vest na may fluorescent na dilaw na 'mga suspender', Class 2 ito.

Ang Class 3 ay ang pinakamataas sa lahat ng class. Ang class na ito ay para sa mga aktibidad na mataas ang panganib tulad ng pagkaka-expose ng manggagawa sa mga bilis ng sasakyan na lampas sa 80 km/h. Kapag kailangang makita ang manggagawa sa malayo (390 metro ang pinakamababa) para makapag-react ang driver, o sa mga kondisyon na malabo o hindi masyadong naiilawan o sa gabi. Kung kakailanganin mong



lumabas sa iyong sasakyan sa bahagi na malapit sa highway, maaaring kailanganin mo ng Class 3 na mga Hi-Vi.

Ang lahat ng manggagawa ay dapat sinanay sa pangangalaga, pagpapanatili at paggamit ng mga Hi-Vi na damit kung kailangang gamitin ito para sa kanilang mga trabaho. Dapat kasama sa pagsasanay kung kailan: dapat gumamit ng mga Hi-Vi, at kung aling mga Hi-Vi ang dapat gamitin sa partikular na sitwasyon, ang kahalagahan ng paggamit ng PPE sa tinukoy na paraan lang at ang mga limitasyon ng paggamit nito, kung paano itatago at pananatilihin nang tama ang PPE, paano titingnan ang sira at pagkapunit mula sa paggamit, at kung kailan malalaman kapag hindi na ito dapat gamitin.

Sa lahat ng paggamit ng PPE, dapat gumawa ng pag-assess ng panganib sa bawat lugar ng trabaho na maaaring kailanganing gumamit nito. Kapag kumpleto na ang pag-assess ng panganib, dapat pumili ang employer ng naaangkop na mga kontrol. Dapat palaging gumamit ng PPE bilang 'last line of defense (panghuling proteksyon)' kapag walang ibang kontrol o kung praktikal itong gawin. Ang first line of defense (unang proteksyon) para sa kaligtasan ng manggagawa sa yard kung saan may gumagalaw na trapiko ay dapat kontrolin ang daloy ng trapikong iyon at bawasan ang pagkaka-expose ng mga manggagawa sa mga umaandar na sasakyan. Magiging magandang kasanayan ang paggamit ng mga Hi-Vi na damit at magbibigay ito ng mas maraming babala sa mga nagpapatakbo ng sasakyan na naglalakad ang mga manggagawa sa lugar.

Kung mayroon kang anumang tanong na may kaugnayan sa High-Visibility Safety Apparel o anumang iba pang bagay tungkol sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho, mangyaring kontakin ang isa sa mga advisor sa RPM.



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5